


# Ang hazard map ng inland water

## 3 Distrito ng Isshiki

Inisyu ng: Departamento ng Tubig at Alkantiariya, Dibisyon sa Pagmimintina ng Alkantiariya, Lungsod ng Nishio TEL: 0563-65-2192  
Dibisyon sa Pamamahala ng Krisis, Kagawaran ng Pamamahala ng Krisis TEL: 0563-65-2137 Peta ng Pag-isyu: Marso 2022




### Mga pangunahing kondisyon para sa pagpapalagay ng pagbaha ng inland water (mga kondisyong pang-analisa)

- ◆ Ang target na lugar ay ang lugar sa pagpapalano ng alkantiariya (sewerage planning area, na pangunahin ang urbanisadong lugar at ang lugar na dumadaloy sa urbanisadong lugar).
- ◆ Ang pagbaha ay ipinapalagay na pag-ulan na maaaring mangyari halos isang beses bawat 1000 taon (inatantiyang pinakamataas na inaasahang pag-ulan).
- ◆ Ito ay katumbas ng hanggang 147 mm kada oras (hanggang 31 mm sa loob ng 10 minuto).
- ◆ "Ang pagbaha ng ulan ay isang paraan para sa pagtatangka ng ipinapalagay na pinakamataas na puwersang pantabas para sa paglikha ng mga pagpapalagay sa pagbaha (baha, mga inland water)".
- ◆ Ito ay itinakda batay sa (Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism, noong Hulyo 2015).
- ◆ Hindi isinasalagang-alang ang mga pagbaha (pagbaha ng outer water) ng mga unang klase at pangalawang klase ng ilog.
- ◆ Ang inaasahang pagbaha ay maaaring iba sa aktual.
- ◆ Maaaring itong bahain kahit wala itong kulay.


### Tungkol sa mapang ito

Ang pinsala sa baha ay inuuri sa dalawang uri ayon sa sanhi. Ang isa ay pinsala na dulot ng pagbaha ng outer water (bahang tubig na mula sa labas ng embankment o dike) na dulot ng tubig ilog na umaapaw o dumaloy dahil sa pagkasira ng embankment. Ang isa naman ay ang pinsala ng inland water na dulot ng pagbaha sa daluyan ng tubig na dumadaloy sa ilog, tulad ng kapag umuulan ng higit sa kapasidad ng pag-agos o ang tubig sa ilog na patutunguhan ng agos ay hindi maalisang ng tubig dahil puno ito ng tubig. Ang mapang ito ay nakabatay sa pangalawang uri na "baha ng inland water". Ipinapalagay nito ang pinakamataas na inaasahang pag-ulan (halos isang beses sa 1000 taon), at kinakatawan ang inaasahang lugar ng pagbaha (saklaw) at ang lalim ng pagbaha nito (lalim) na nakuha sa pamamagitan ng computer analysis.

#### Konseptwal na diagram ng pagbaha na dulot ng baha na mula sa outer water



#### Konseptwal na diagram ng pagbaha na dulot ng inland water (ang mapang ito)



### Palatumbasan

**Itinatagang Pang-emergency na Kanlungan para sa Paglikas (Itinatagang Kanlungan para sa Paglikas)**


- Maaring gamitin sa oras na may pagbaha
- Limitado sa oras na may pagbaha (May posibilidad ng pagpapaw na baha sa oras na may malalaking pagbaha)
- Paaralan
- Tanggapan/Sangay ng Munisipyo
- Estasyon ng Pulis/Police Box/Sub-station
- Estasyon ng Bumbero
- Pang-emergency na Ospital
- Paaralan para sa Kindergarten/Nursery

**Naitalang pag-apaw na baha**  
Lugar na may naitalang pag-apaw na baha mula sa 1000

- Iba pang Pasilidad
- Istasyon ng paglitingin sa dami ng ulan
- Istasyon ng paglitingin sa taas ng tubig
- Underground na Lagusan

**Pinakamataas na inaasahang lalim ng pagbaha**

- 2 m o higit pa
- 1 m hanggang sa mas mababa sa 2 m
- 50 cm hanggang sa mas mababa sa 1 m
- 20 m hanggang sa mas mababa sa 50 m
- Wala pang 20 cm/20



### Mga tip sa paglikas

- Palaging ayusin ang kailangang gamit sa paglikas at pag-usapan ang proseso ng paglikas bilang paghahanda sa kritikal na panahon. Bukod pa rito, kapag inaasahang magkakaroon ng sakuna, alamin ang tamang impormasyon at maghanda para sa maagang paglikas.
- Mabilisang lumikas depende sa sitwasyon**  
Kahit na wala pang inilalabas na impormasyon sa paglikas, mag-desisyon base sa sitwasyon at boluntaryong lumikas.
  - Magdala ng talaan ng pag-iwas sa sakuna**  
Ihanda ang talaan ng pag-iwas sa sakuna kung saan nakasaad ang tirahan, pangalan, contact information, at iba pa, at dalhin ito sa paglikas.
  - Limitangan ang dadahing supplies sa kailangan lamang**  
Pagamot-samihin sa backpack ang mga materyales para sa emergency na paglikas at siguraduhing magagamit nang malaya ang parehong kamay.
  - Mag-iwan ng mensahe sa pamilya**  
Mag-iwan ng mensahe tulad ng "Lumikas ako sa lugar na ito" sa pamilyang nasa labas.
  - Magtulungan sa grupo**  
Iwasan ang kanya-kanyang paglikas at lumikas sa lugar na napag-desisyonan kasama ang mga kapitbahay.
  - Lumikas sa ligtas na ruta**  
Iwasan ang tabing-ilog, underpass, at iba pa, at hangga't maari ay piliin ang ligtas at malawak na daanan.
  - Sumunod sa utos sa shelter**  
Pagdating sa shelter, sumunod sa utos ng person-in-charge, at i-report ang tirahan at pangalan.

### Paglikas kapag nangyari ang pagbaha ng inland water

Kapag nagkaroon ng baha ng inland water, mapanganib na lumikas sa labas nang hindi kinakailangan. Una, lumikas sa ikalawang palapag ng iyong tahanan (bertikal na paglikas) o sa isang malapit na ligtas na gusali. Kung ikaw ay nasa isang lugar na mas mababa sa ibabaw ng lupa gaya ng basement o isang underground na paradhahan, lumipat kaagad sa mas mataas na lugar.

Kung kailangan mong lumikas sa labas, mangyaring sumanguni sa impormasyon sa mapa ng panganiib ng inland water at lumikas. Ang ilang lugar na malilikasan ay inaasahang babaha rin.

